**Mayo-Hunyo 2012**
**Light Reading, Seattle City Light pahayagan ng kustomer**

## Mula sa superintendente

Ang ekonomiya ay unti-unti nang nakababawi, subalit may maraming tao pa rin sa ating komunidad ang nangangailangan ng tulong sa pagbayad ng kanilang mga singil sa kuryente.

Ang Human Services Department ng Lungsod ng Seattle ay nangangasiwa ng isang programang pantulong para sa bayarin sa palingkurang bayan kung saan pinagkakalooban ng mga kabawasan ang singil sa kuryente at tubig. Ang tulong ay naroroon ngunit maraming mga kwalipikado ang hindi nakapagsasamantala sa programa.

Mangyari lamang na kumuha ng impormasyon tungkol sa programang ito sa website na ito, www.seattle.gov /UDP, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 206.684.0268, o mag-email sa UDP@seattle.gov.

Ang Project Share ng City Light ay nag-aalok ng minsanang pang-emerhensiyang tulong para sa singil ng kuryente. Marami sa aming mga kustomer ang magandang-loob na sumusuporta sa pondong ito at nagpapasalamat kami sa kanila. Maaari ninyong makikita ang mga detalye tungkol sa Project Share sa www.seattle.gov/light/help/share o sa pamamagitan ng pagtawag sa 206.684.3000.
- Jorge Carrasco, Seattle City Light superintendente

## Planong Estratehikong ng City Light

Ang alkalde, Sangguniang Panlungsod, City Light Review Panel at ang City Light ay patuloy na gumagawa ng anim-na-taong estratehikong plano ng palingkurang bayan. Mangyaring sundan ang progreso nito dahil ang plano ay direktang nakakaapekto sa inyo sa pamamagitan ng singil sa kuryente, kahusayan, at mga pagpapabuti ng serbisyo. Magbasa pa dito: www.seattle.gov/light/strategic-plan.

## City Light nagtatrabaho

Ang aming mga manggagawa ay nasa mga purok na ito upang panatilihin ang inyong mga ilaw:
- Horizon View: iniiniksyonan ng silicone ang nakabaong mga kable upang pahabain ang kanilang buhay;
- SODO: nililipat ang mga linya ng kuryente upang magdagdag ng kapasidad, ayusin ang makinang pambutas ng lagusan;
- Harrison St/Aurora Ave. (Silangan ng Seattle Center): inihahanda ang mga vault para sa paglipat ng mga linya;
- Mercer St.: nililipat ang mga linya sa ilalim ng lupa, bahagi ng pagpapabuti sa Mercer;
- Laurelhurst (hilaga ng Webster Point): pinapalitan ang mga nakabaong kable upang maragdagan ang kapasidad;

- Occidental Ave. S.: nililipat ang linya bago palitan ang mataas na tulay;
- Arboretum, West at South Seattle (timog ng Brandon St.): pinapalitan ng LED ang ilaw-kalye.

Bisitahin ang www.seattle.gov/light/construction at i-click ang simbolo ng konstruksiyon para sa mga detalye.

**Sunny Beacon Hill**

Ang mga solar panel na mga bubong sa tatlong bagong silungang pampiknik ay lumilikha ng enerhiya sa Seattle Jefferson Park sa Beacon Hill. Ang pagpondo ay mula sa ilang mga kustomer ng City Light, at ng kaloob ng Department of Energy. Ang mga customer na lumahok sa pagkomunidad na solar ng proyektong ito ay nakatatanggap ng mga kredito sa kanilang singil sa kuryente. Alamin ang higit pa sa www.seattle.gov/communitysolar o tumawag sa 206.684.3800.

**Diskuwento sa Zoo**

Ipagdiwang ang higit sa isang taon ng enerhiya na solarna binuo ng Woodland Park Zoo carousel, isang proyektong pinondohan sa pamamagitan ng boluntaryong kontribusyon para sa mga programang nababagong enerhiya ng City Light. Ang carousel ay nakalikha ng sapat na kuryenteng nakapagpatakbo ng higit sa 100,000 na pagsakay. Tingnan ang aksiyong ito sa pamamagitan ng paggamit ng isang kupon na nagbabawas ng $ 2 sa pagpasok sa zoo. Ang kupon ay ikinabit sa inyong singil para sa Mayo-Hunyo.

**Kami ay nakikinig**

Iniimbitahan kayo ng City Light na magbahagi sa inyong mga ideya tungkol sa malinis na enerhiya at programang pangkonserbasyon sa pamamagitan ng pagiging miyembro ng Community Energy Forum. Ito ay isang pagkakataon upang masabi ninyo sa amin kung ano ang pagtingin ninyo sa renewable na enerhiya, tumulong na magpasya sa hinaharap na mga pang-enerhiyang programa, at lumahok upang manalo ng mga premyo. Ang impormasyon ay nasa www.seattle.gov/forum.

**Diskuwento para sa Clothes washer**

Tumanggap ng hanggang $100 diskuwento, at makatipid ng oras sa paggamit ng isang bagong lubos na mahusay na clothes washer. Sa kabuuang buhay nito, ang washer ay maaaring makapagtipid para sa inyo ng humigit kumulang $770 sa gastos ng koryente. Sa diskuwentong naming ito, kadalasan ay mababawi na ang presyo sa pagbili ng clothes washer. Ang mga washer na may mataas na kahusayan ay nakatitipid ng 1/3 sa sabong panlaba, may dagdag na kapasidad upang mas kaunti ang paglo-load, at nakatatanggal ng ng halos lahat ng tubig, kaya mabilis matuyo ang damit. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.seattle.gov/appliances o tumawag sa 206.684.3800.

**Kaligtasan sa ilaw ng kalye**
Kung sa tingin ninyo ay may nasisirang ilaw ng kalye sa inyong purok, o kung ang inyong alagang hayop ay umiiwas sa ilaw ng kalye, mangyaring iulat ito kaagad sa serbisyong pang-ilaw ng kalye ng City Light sa 206.684.7056.

**Panteleponong app**
Nasusubukan na ba ninyo ang bagong mobile phone app ng City Light? Ito ay nagbibigay-daan sa inyong pagbayad ng mga singil, pagtingin ng pagkawala ng kuryente, pag-uulat ng sirang ilaw ng kalye, o pakipag-ugnay sa amin. Ito ay mayroon ngayon sa Marketplace Droid at darating sa lalong madaling panahon sa iPhone App na tindahan. Lahat ng gumagamit ng mobile na telepono na may kakayahang pang-internet ay maaaring gumamit sa tampok na ito sa pamamagitan ng pagtype ng http://m.seattle.gov/light sa iyong mobile browser.

**Impormasyon sa Pakipag-ugnayan**
Seattle City Light
PO Box 34,023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light

Katanungan, komento o mungkahi? Tumawag sa 206.684.3000 o mag-email sa *Tell Seattle City Light* (online at www.seattle.gov/light).

Patnugot: Connie McDougall, connie.mcdougall@seattle.gov